# GENEVIEVE L. ASENJO

Propesor ng panitikan at malikhaing pagsulat si **Genevieve L. Asenjo** sa Pamantasang De La Salle sa Maynila. Kasama siya sa 2018 *Cultural Center of the Philippines Encyclopedia of Philippine Art* (Literature) para sa kaniyang mga akda sa Kinaray-a, Hiligaynon, at Filipino. Ang kaniyang mga bagong aklat ay *Ang Itim na Orkidyas ng Isla Boracay: Mga Kuwento* (UP Press, 2021) at *Indi Natun Kinahanglan kang Duro nga Tinaga sa Atun Tunga/Hindi Natin Kailangan ng Maraming Salita sa Ating Pagitan: Mga Tula sa Kinaray-a & Filipino* (UP Press, 2021) na bahagi ng *Philippine Writers Series* 2021 ng LIKHAAN: UP Institute of Creative Writing. May online platform siya na *Balay Sugidanun* (*House of Storytelling*). Ilalabas ng Aklat Alamid ang kaniyang libro ng kuwentong-pambata sa Kinaray-a at Filipino ngayong 2022, ang *Buhok nga Naglimpyo kang Suba/Ang Buhok na Naglinis ng Ilog.*

# BINALAYBAY KADYA NGA AGA

Nagaudyakan ako sa mga butang nga rugya pa.
Halimbawa, ang tun-og kadya nga aga:
nagaidlak sa mga dahon kang kawayan
nga duro ang napukan kang nagligad nga bagyo;
ang mga sinipad kang rosas nga gapula sa dapya
kang amihan, sa singkal kang adlaw nga nagalanta
kang duro nga tanum, nagakaging kang lupa,
kag gadara kang ubo kag sip-on. Bisan ang mga manok
Bisaya iwat run.

Nagaudyakan ako: mabatian ko ang akon kaugalingon
nga limug. Rugya pa ang akun tutunlan, ang akon bagà,
ang akon dughan,
nagatindug ako sa lupa.

Ginaabi-abi ko ang adlaw,
nagapanamyaw kag nagapangumusta kaninyo.

# TULA NGAYONG UMAGA

Namamangha ako sa mga bagay na naririto pa.
Halimbawa, ang hamog ngayong umaga:
kumikinang sa mga dahon ng kawayan
na karamiha'y natumba sa nakaraang bagyo;
ang mga talulot ng rosas, matingkad na pula
sa simoy-amihan, sa lagablab ng araw na nagpapatuyo
sa maraming halaman, nagpapatigang ng lupa,
at nagdadala ng ubo at sipon. Madalang na kahit
ang manok-Bisaya.

Namamangha ako: naririnig ko ang sariling boses.
Narito pa ang aking lalamunan, ang aking bagà,
ang aking dibdib,
nakatayo ako sa lupa.

Sinasalubong ko ang araw,
bumabati at nangangamusta sa inyo.